# Sinuman ang magsabi ng :Ako ay humuhingi ng Kapatawaran sa Allah,Na Wala ng ibang Diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya,Ang may Walang-hanggang buhay,Ang may Walang hanggang Kapangyarihan,At nagbabalik-loob ako sa Kanya)) Patatawarin ang mga kasalanan niya,;Kahit pa siya ay tumalikod [ sa oras ng pakikibaka sa landas ni Allah] sa Hukbong sandatahan [ng kalaban].))

Ayon kay Zayd, taga-pagtanggol ng Sugo ng Allah -Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-siya ay nagsabi: Nagsabi ang Sugo ng Allah -Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-(( Sinuman ang magsabi ng :Ako ay humuhingi ng Kapatawaran sa Allah,Na Wala ng ibang Diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya,Ang may Walang-hanggang buhay,Ang may Walang hanggang Kapangyarihan,At nagbabalik-loob ako sa Kanya)) Patatawarin ang mga kasalanan niya,;Kahit pa siya ay tumalikod [ sa oras ng pakikibaka sa landas ni Allah] sa Hukbong sandatahan [ng kalaban].))

[Tumpak] [Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud]

Sinuman ang magsabi ng :Ako ay humuhingi ng Kapatawaran sa Allah,Na Wala ng ibang Diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya,Ang may Walang-hanggang buhay,Ang may Walang hanggang Kapangyarihan,At nagbabalik-loob ako sa Kanya)) Patatawarin sa kanya ang mga kasalanan niya,;Kahit pa siya ay tumalikod [sa oras ng pakikibaka sa landas ni Allah] sa mga Hindi mananampalataya.At kabilang sa napag-alaman na ang pagtalikod sa Hukbong Sandatahan ng kalaban ay isa sa mga Pitong malalaking kasalanan batay sa naisalaysay sa Hadith: ((Layuan ninyo ang Pitong malalaking kasalanan;at kabilang dito: Ang Pagtalikod [sa oras ng pakikibaka sa landas ni Allah] sa Hukbong sandatahan ng kalaban))At ang magiging kahulugan nito ay ang pagiging Matuwid [ sa landas ni Allah] Kapag ang tinutukoy nito ,na siya ay katotohanang nagbalik-loob sa Allah sa lahat ng kanyang kasalanan;kabilang rito ang:Pagtalikod [sa oras ng pakikibaka sa landas ni Allah] sa Hukbong sandatahan ng kalaban.Dahil kung ito ay pansamantalang paghihingi lamang ng Kapatawaran at ang Tao ay nananatili parin sa [paggawa] ng kasalanan,ito ay hindi nakakapag-bigay pakinabang.Sapagkat makakapag-bigay pakinabanag lamang ito kung

ito ay may kasamanag Pagbabalik-loob sa Allah mula sa mga kasalanan.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/10576